

ARALIN 21

1. Ano ang problema sa pagitan nina Lot at Abram?
-Dahil sina Lot at Abram ay may parehong napakaraming tupa at baka, walang sapat na damo para pakainin ang lahat ng hayop.
2. Bakit pinili ni Lot na manirahan sa lambak?
-Dahil maraming damo roon upang pakainin ang kanyang mga tupa at baka.
3. Bakit hindi mabuting desisyon ang paglipat ni Lot sa lambak?
-Dahil hindi tinanong ni Lot ang Diyos kung ano ang gagawin.
-Dahil tumanggi si Lot na makinig sa Diyos.
4. Ano ang mangyayari kung tumanggi tayong makinig sa Diyos?
-Mapupunta tayo sa Lawa ng Apoy.
5. Maililigtas ba tayo ng maraming tupa at baka o kayamanan mula sa Lawa ng Apoy?
-Hindi.
6. Nakita ba ng Diyos ang kasamaan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?
-Oo.
7. Maaari ba nating itago ang anumang iniisip natin mula sa Diyos?
-Hindi.
8. Maaari ba nating itago ang anumang sinasabi natin sa Diyos?
-Hindi.

9. Maaari ba nating itago ang anumang bagay na ginagawa natin sa Diyos?
-Hindi
10. Ano ang sinabi ng Diyos kay Abram pagkatapos lumipat si Lot sa lambak?
-Sinabi ng Diyos na ibibigay Niya kay Abram ang lupain ng Canaan.
-Sinabi ng Diyos na si Abram ay magkakaroon ng maraming lahi gaya ng mga bituin.
-Sinabi ng Diyos na ang mga lahi ni Abram ay pupunta upang manirahan sa ibang bansa, at pagkatapos ng 400 taon, ibabalik sila ng Diyos sa Canaan.
11. Ano ang bagong pangalan na ibinigay ng Diyos kay Abram?
-Abraham
12. Ano ang bagong pangalan na ibinigay ng Diyos kay Sara?
-Sarah.
13. Bakit binigyan ng Diyos ng mga bagong pangalan sina Abram at Sara?
-Dahil magkakaroon sila ng maraming lahi.
14. Kahit na si Sarah ay matanda na at baog, ano ang ipinangako ng Diyos?
-Na si Sarah ay magiging ina ng maraming lahi.
-Na si Sarah ay magkakaroon ng isang anak na lalaki.
15. Ilang taon sina Abraham at Sarah?
-Si Abraham ay 100 at si Sarah ay 90 taong gulang.

16. Mayroon bang anumang bagay na hindi kayang gawin ang Diyos?

-Wala.

-Naghiwalay sina Abraham at Lot dahil walang sapat na damo para pakainin ang lahat ng kanilang mga hayop.

-Saan lumipat si Abraham?

-Sa mga burol.

-Saan lumipat si Lot?

-Sa lambak.

-Anong dalawang lungsod ang nasa lambak?

-Sodoma at Gomorra.

-Anong klase ng mga tao ang nasa Sodoma at Gomorra?

-Sila ay napakasama.

-Alam ba ng Diyos ang kasamaan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?

-Oo.

-Paano nalaman ng Diyos ang kasamaan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?

-Nakikita ng Diyos ang lahat.

-Walang bagay na hindi nakikita ng Diyos.

-Nakita ng Diyos ang lahat ng kasamaan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra.

Basahin natin ang Genesis 18:20-21

20-Sinabi ng Panginoon, “Ang sigaw laban sa Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagkat ang kasalanan nila ay napakalubha,

21-At bababa ako ngayon at titingnan ko kung ginawa nga nila ang ayon sa sigaw na dumating sa akin; at kung hindi ay aking malalaman.”

-Alam ng Diyos ang kasamaan ng mga tao sa Sodoma at Gomorra sa mahabang panahon.

-Nakalimutan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra ang tungkol sa Diyos, ngunit nakalimutan ba sila ng Diyos?

-Hindi.

-Nakalimutan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra ang tungkol sa Diyos, ngunit nakalimutan ba ng Diyos ang kanilang kasalanan?

-Hindi.

-Kung ang mga tao ay nakakalimot sa Diyos, makalilimutan ba Niya sila?

-Hindi.

-Kung nakalimutan ng mga tao ang tungkol sa Diyos, makalilimutan ba Niya ang kanilang mga kasalanan?

-Hindi.

-Hindi makalilimutan ng Diyos ang kasalanan.

-Dapat parusahan ng Diyos ang bawat kasalanan.

-Bakit kailangang parusahan ng Diyos ang bawat kasalanan?

- Dahil ang Diyos ay perpekto.
- Dahil nilikha ng Diyos ang mga tao na perpekto.
- Dahil ang bawat kasalanan ay laban sa Diyos.

- Bakit hindi agad pinarusahan ng Diyos ang mga tao ng Sodoma at Gomorra para sa kanilang mga kasalanan?

- Dahil gusto ng Diyos na magsisi sila sa kanilang mga kasalanan.
- Dahil nais ng Diyos na iligtas sila.

- Sa panahon ni Noe, gaano katagal naghintay ang Diyos para magsisi ang mga tao sa kanilang mga kasalanan?
- 120 taon.

- Pagkatapos hindi pa rin magsisi ang mga tao, ano ang ginawa ng Diyos?

- Nagpadala ang Diyos ng baha upang lipulin ang lahat ng tao.

- Hinihintay ng Diyos ang mga tao na magsisi sa kanilang mga kasalanan.

- Ngunit kung ang mga tao ay hindi magsisisi, sila ay parurusahan ng Diyos.

- Bakit hindi agad pinarurusahan ng Diyos ang mga tao ngayon para sa kanilang mga kasalanan?

- Dahil gusto ng Diyos na magsisi sila sa kanilang mga kasalanan.
- Dahil gusto ng Diyos na sila ay iligtas.

- Ang Diyos ba ay binabantaan lamang ang mga tao, subalit hindi sila pinaparusahan para sa kanilang mga kasalanan?
- Hindi.

- Parurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

- Kapag oras na para parusahan ng Diyos ang mga makasalanan, may makakapigil ba sa Diyos?
- Wala.

- Kapag oras na para parusahan ng Diyos ang mga makasalanan, walang makatatakas sa parusa ng Diyos.

- Isang araw, ipinadala ng Diyos ang dalawa sa Kanyang mga anghel sa Sodoma.

Basahin natin ang Genesis 19:1-3

1-Dumating ang dalawang anghel sa Sodoma nang nagtatakip silim na. Si Lot ay nakaupo sa pintuang-bayan ng Sodoma. Sila'y nakita ni Lot at tumindig upang salubungin sila; at iniyukod ang kanyang mukha sa lupa.

2-At sinabi, “Ngayon mga panginoon ko, hinihiling ko sa inyo na kayo'y bumalik at tumuloy sa bahay ng inyong lingkod, at magpalipas ng gabi, at maghugas ng inyong mga paa, at sa madaling araw ay magsibangon kayo at magpatuloy ng inyong paglakad.” Kanilang sinabi, “Hindi, sa lansangan kami magpapalipas ng buong magdamag.”

3-Ngunit kanyang pinilit nang husto kaya't sila'y nagsipasok sa kanyang bahay. Sila'y kanyang ipinaghanda, ipinagluto ng mga tinapay na walang pampaalsa, at sila ay kumain.

- Bakit nagpadala ang Diyos ng dalawang anghel sa Sodoma?
- Nais ng Diyos na iligtas si Lot at ang kanyang pamilya.
- Noon, si Lot ay nakatira malapit sa Sodoma.
- Ngayon, si Lot ay nakatira sa loob ng Sodoma.
- Noon, si Lot ay naninirahan malapit sa kasamaan ng Sodoma.
- Ngayon, si Lot ay naninirahan sa loob ng kasamaan ng Sodoma.
- Nakikita mo ba kung ano ang ginagawa ng kasalanan kay Lot?
- Ang kasalanan ay hinihila si Lot palapit nang palapit sa kasamaan.
- Ito ang nagagawa ng kasalanan sa lahat ng tao.
- Hinihila ng kasalanan ang mga tao palapit nang palapit sa kasamaan.
- Kung paanong hinila ng kasalanan si Lot sa Sodoma, ano ang nagagawa ng kasalanan sa lahat ng tao?
- Hinihila ng kasalanan ang mga tao palapit nang palapit sa kasamaan.
- Ano ang nangyari sa mga anghel nang bumisita sila kay Lot?

Basahin natin ang Genesis 19:4-9

4-Subalit bago sila nagsihiga, ang mga lalaki ng lunsod, ang mga lalaki sa Sodoma, maging mga bata at matanda, lahat ng mga tao hanggang sa pinakahuling tao, ay pumalibot sa bahay.

5-Kanilang tinawagan si Lot at sinabi, “Saan naroon ang mga lalaking dumating sa iyo nang gabing ito? Ilabas mo sila sa amin upang makilala namin sila.”

6-Lumabas si Lot sa pintuan upang humarap sa kanila, at isinara ang pinto sa likuran niya.

7-At sinabi niya, “Mga kapatid ko, nakikiusap ako na huwag kayong gumawa ng ganyang kasamaan.

8-Narito, may dalawa akong anak na babae na hindi pa nasipingan ng lalaki. Sila’y aking ilalabas sa inyo, at gawin ninyo sa kanila ang ayon sa inyong nais, huwag lamang ninyong gawan ng anuman ang mga lalaking ito, sapagkat sila’y nasa ilalim ng aking bubungan.”

9-At sinabi nila, “Manatili ka diyan!” At sinabi pa nila, “Ang taong ito’y naparito bilang dayuhan, at ibig niyang maging hukom! Ngayon, gagawan ka namin ng higit na masama kaysa kanila.” At kanilang ipinagtulakan ang lalaking si Lot, at nagsilapit upang sirain ang pintuan.

-Ang mga tao ng Sodoma at Gomorra ay napakasama.

-Ang mga tao ay nagsasabi ng labis, labis na kasinungalingan.

-Ang mga tao ay nag-aakusa ng mali sa ibang tao.

-Ang mga tao ay isinusumpa (minumura) ang kanilang mga kapitbahay.

-Ang mga tao ay ninanakaw ang pag-aari ng ibang tao.

-Ang mga tao ay simisiping sa mga asawa ng ibang lalaki.

-Ang mga tao ay pumatay ng ibang tao.

-Nakipagtalik pa ang mga lalaki sa ibang lalaki.

-Ang mga tao ba ngayon ay katulad ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?

-Oo.

-Tulad ba tayo ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?

-Oo.

-Paano tayo natulad sa mga tao ng Sodoma at Gomorra?

-Nakapagsabi na tayo ng labis, labis na kasinungalingan.

-Nakapagakusa na tayo ng maling akusasyon sa ibang tao.

-Nagsumpa (Nagmura) na tayo sa ating mga kapitbahay.

-Nagnakaw tayo ng pag-aari ng ibang tao.

-Nakisiping na tayo sa mga asawa ng ibang lalaki.

-Nakapatay na tayo ng ibang tao.

-Ano ang ginawa ng mga anghel noon?

Basahin natin ang Genesis 19:10-17

10-Subalit iniunat ng mga lalaki ang kanilang kamay at binatak si Lot sa loob ng bahay at kanilang sinarhan ang pintuan.

11-At binulag nila ang mga taong nasa pintuan ng bahay, maging maliit o malaki, anupa't hindi nila makita ang pintuan.

12-At sinabi ng mga lalaki kay Lot, "Mayroon ka pa ba ritong kasama? Paalisin mo sa lugar na ito ang iyong mga manugang na lalaki at mga anak na lalaki at babae, o sinuman sa mga kasamahan mo sa lunsod.

13-Sapagkat malapit na naming lipulin ang lugar na ito dahil sa napakalakas na ng sigaw laban sa bayang ito sa harap ng Panginoon; At kami ay sinugo ng Panginoon upang ito ay aming lipulin."

14-Kaya't si Lot ay lumabas at kinausap ang kanyang mga manugang na noon ay mapapangasawa ng kanyang mga anak na

babae, at sinabi, "Tumindig kayo, magsialis kayo sa lugar na ito; sapagkat gugunawin ng Panginoon ang bayan." Subalit ang akala ng kanyang mga manugang ay nagbibiro siya.

15-Kinaumagahan, pinapagmadali ng mga anghel si Lot, na sinasabi, "Bumangon ka, isama mo ang iyong asawa at ang iyong dalawang anak na babae na narito, baka pati ikaw ay madamay sa parusa sa bayan."

16-Subalit siya'y nagtagal. Kaya't dahil sa habag sa kanya ng Panginoon, hinawakan ng mga lalaki ang kanyang kamay at ang kamay ng kanyang asawa, at ang kamay ng kanyang dalawang anak na babae; At siya'y inilabas nila at iniwan sa labas ng bayan.

17-Nang sila'y mailabas na nila, ay sinabi nila, "Tumakas ka alang-alang sa iyong buhay. Huwag kang lumingon o huminto man sa buong libis; Tumakas ka hanggang sa bundok, sapagkat kung hindi, ikaw ay mamamatay."

-Hinawakan ng mga anghel ang mga kamay ni Lot, ang kanyang asawa, at dalawang anak na babae, at inakay sila palabas ng lungsod.

-Iniligtas ba ng Diyos si Lot dahil siya ay mabuti?

-Hindi.

-Hindi iniligtas ng Diyos si Lot dahil siya ay mabuti.

-Kahit na si Lot ay hindi katulad ng mga tao sa Sodoma, si Lot ay isinilang na isang makasalanan.

-Si Lot ay ipinanganak din sa kasalanan tulad ng lahat ng tao.

-Bakit iniligtas ng Diyos si Lot?

-Dahil alam ni Lot na nagkasala siya sa Diyos.

-Dahil alam ni Lot na ang kanyang kasalanan ay magdadala sa kaniya sa walang-hanggang kamatayan.

-Dahil alam ni Lot na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.

-Dahil naniniwala si Lot na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya.

-Laging iligtas ng Diyos ang mga naniniwala sa Kanya.

-Ano ang nangyari pagkatapos na akayin ng mga anghel si Lot at ang kanyang pamilya sa labas ng lungsod?

Basahin natin ang Genesis 19:24-25

24-At buhat sa langit ay nagpaulan ang Panginoon sa Sodoma at Gomorra ng asupre at apoy.

25-Ginunaw niya ang mga lunsod na iyon, at ang buong libis at ang lahat ng nakatira sa mga lunsod at ang tumutubo sa lupa.

-Nilipol ng lubos ng Diyos ang mga tao ng Sodoma at Gomorra.

-Kinapopootan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng walang-hanggang kamatayan.

-Sa kapanahunan ni Noe, nilipol ng Diyos ang lahat ng tao sa pamamagitan ng baha.

-Sa Sodoma at Gomorra, nilipol ng Diyos ang lahat ng tao sa pamamagitan ng apoy.

-Nang dalhin ng mga anghel si Lot, ang kanyang asawa, at ang kanyang dalawang anak na babae palabas ng Sodoma, sinabi nilang huwag lumingon.

-Ngunit hindi sumunod ang asawa ni Lot.

Basahin natin ang Genesis 19:26

26-Subalit ang asawa ni Lot ay lumingon sa likuran niya, at siya ay naging haliging asin.

-Ginawa ng Diyos ang asawa ni Lot na isang haliging asin.

-Bakit ginawa ng Diyos na isang haliging asin ang asawa ni Lot?

-Dahil ang asawa ni Lot ay sumuway sa Diyos, at lumingon sa likod.

-Bakit lumingon ang asawa ni Lot?

-Dahil mahal niya ang kaniyang kasalanan.

-Dahil ayaw niyang iwanan ang kaniyang kasalanan.

-Kinapopootan ng Diyos ang kasalanan.

-Palaging pinarurusahan ng Diyos ang kasalanan.

-Palaging pinarurusahan ng Diyos ang kasalanan sa pamamagitan ng walang-hanggang kamatayan.

-Kung mahal mo ang iyong kasalanan tulad ng asawa ni Lot, parurusahan ka ng Diyos ng kamatayan.

-Kung ayaw mong iwanan ang iyong kasalanan tulad ng asawa ni Lot, parurusahan ka ng Diyos ng kamatayan.